

Oras na para Umaksyon!

Matututo ang mga kalahok kung paano bumuo ng isang inisyal na plano para sa kanilang sariling pagpapalaganap ng pagsuporta sa adhikain.

Mga Material

Handout ng Advocacy Campaign

Plano para sa Pagbabago!

Part One

Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Sa ilang iba pang experience para matuto na konektado sa pangmamamayan at pampulitikang pakikipag-ugnayan na magkasama naming nakumpleto, na-explore namin ang iba't ibang mga kasanayan at ideya na maaaring kapaki-pakinabang para maging mga tagapagtaguyod ng pagbabago.

May nakita kaming mga isyu na nakakaapekto sa iyong mga komunidad at nalaman ang tungkol sa partikular na networking at mga media tool para ipatupad ang positibong pagbabago.

Ngayon, oras na para pagsamahin ang mga ideya at planuhin ang iyong sariling advocacy campaign mula sa simula hanggang sa katapusan!

Pakikipag-ugnayan Ng Klase:

(Opsyonal): Mag-present ng bago at may kaugnayan sa kabataan na campaign para sa pagtataguyod na naaalinsunod sa lokal / panlalawigang konteksto mo / ng mga kalahok. Ang mga website na Voices of Youth (sa English, Spanish, French, at Arabic) at Global Voices (kung makakatulong, sa website, hanapin ang salitang "youth") ay maaaring magsilbi bilang mga mapagkukunan ng inspirasyon kung hindi ka sigurado kung aling campaign ang pipiliin. Huwag mag-atubiling ipakita ang website ng campaign sa isang projection screen habang inilalarawan mo ito.

Takdang Aralin

Takdang Aralin

Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Gumawa ng write-up na binabalangkas ang advocacy campaign na gusto mong gumana sa iyong komunidad. Maisasama mo ang text na isinulat mo sa ilan sa dating mga experience para matuto. Halimbawa, maaari mong isama ang impormasyon tungkol sa isyu na gusto mong matugunan, o isang paliwanag tungkol sa kung bakit ang pop culture na character na pinili mo para sa iyong campaign ay naaalinsunod sa mga layunin ng iyong advocacy. Mayroon kang 30 minuto para idisenyo ang iyong campaign.

Mangyaring sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Anong isyu ang gusto mong matugunan?
2. Anong komunidad ang naaapektuhan nito?
3. Paano mo gustong matugunan ang isyung ito?
4. Anong mga media platform ang gagamitin mo para magbigay ng kamalayan sa iyong cause? Sa anong mga paraan?
5. Mayroon bang pop culture na character na gusto mo gamitin para sa iyong campaign? Paano?
6. Sino ang magiging iyong support network?
7. Anong hashtag ang gagawin mo para sa iyong campaign?
8. Ano ang timeline para sa iyong campaign?

Huwag mag-atubiling bumuo ng mga ideya sa Worksheet ng Advocacy Campaign, o sa isang hiwalay na piraso ng papel.

Assignment

Ipasa ang Worksheet para sa Advocacy Campaign sa mga kalahok.

Pakikipag-ugnayan Ng Klase:

Ngayon, kasama ng kapareha, ibabahagi mo ang write-up ng iyong advocacy campaign. Makipag-usap sa iyong partner tungkol sa aspeto ng iyong campaign na

pinaka-excited ka!

Pakikipag-ugnayan Ng Klase:

Pahintulutan ang mga kalahok ng 20 minuto para ibahagi ang kanilang campaign nasa pares.